

Isa na Akong Guro!

Sa pagkakataong ito, kinapanayam ng Mimitaro si Bb. Toyoko Goya, isang guro sa elementarya sa lungsod ng Nagahama.



May 20 taon na ang nakakaraan mula nang kami ng aking pamilya ay dumating sa Japan buhat sa Peru at ako ay malipat sa isang elementarya sa Nagahama sa ika-4 na baitang. Nang mga panahong iyon ay kakaunti pa lamang ang mga estudyante na buhat sa ibang bansa at

hindi malaman ng paaralan kung paano pakikitunguhan ang isang katulad kong hindi nakakaunawa ng wikang Hapon. Natatandaan ko ang pagkaramdam ng lungkot at pag-iisa sa kalagayan ko noon. Pagkatapos nito, sinimulan ang klase sa Nihongo at ito ay naging isang komportableng lugar para sa akin dahil ang lahat ng mga kasama ko rito ay katulad ko ang katayuan. Kaya't nang sabihin ng aking guro na dapat na akong bumalik sa aming klase makalipas ang may isang taon, nag-alala ako kung magagawa kong makibagay sa iba. Ang sabi niya sa akin, "*Lahat sila ay nandiyan para tulungan ka. Ano ang inaalala mo?*" Naging dahilan ang sinabi niyang ito upang magkaroon ako ng mga kaibigang Hapon, at dito'y biglang nagsimula ang pagbuti ng mga pangyayari sa aking paligid.

Gayunpaman, sa pagpasok ko sa junior high school, muling gumulo ang takbo ng lahat. Dito ay hindi katulad ng nakasanayan ko sa elementarya na dahan-dahan at detalyado ang pagtuturo. Hindi ko na magawang masundan ang pinapaliwanag ng mga guro sa klase. "*Hindi ko maintindihan, pero di bale na!*" Hindi lamang ako naging pabaya, nilagyan ko rin ng harang ang aking sarili at nawalan ako ng mga kaibigang Hapon. "*Ayoko na dito!*" Ito ang aking naisip at ako'y nagmakaawa sa aking mga magulang na pabalikin ako sa Peru kahit na nag-iisa, subalit ito ay hindi nila dininig. Sa oras ng lungkot sa gitna ng kaguluhang ito, muli kong nakasama sa iisang klase ang kaibigan kong Haponesa noong elementarya. "*Ituloy mo ang pag-aaral sa senior high school. Tuturuan kita sa mga aralin.*" Ito ang sinabi niya na nagpalakas sa aking loob at nakapagpanumbalik ng aking positibong pananaw at ako'y nakapasok nang walang anumang problema sa senior high school. Sa wakas, nakahabol ako sa aking mga kaklase sa pag-aaral, naging maayos ang iba't-ibang bagay, at naging masaya ang aking buhay bilang estudyante.

Pagkatapos ko sa senior high school ay binalak kong magtrabaho na siyang karaniwan, subalit nagpiliit ang aking ina na magpatuloy ako ng pag-aaral sa kolehiyo, kaya't kumuha ako ng kurso sa pag-aalaga sa maliliit na bata sa junior college. Sa aking pagsasanay sa pagtuturo sa isang nursery school, naramdaman kong mas gusto ko ang pakikipag-usap sa malalaking bata kaysa sa pag-aalaga ng maliliit na bata. Dahil dito, ako ay hindi naging guro sa isang nursery school pagkatapos kong mag-aral, bagkus ako ay nagtrabaho bilang isang interpreter para sa mga bata sa

elementarya. Sa trabahong ito, tinuturuan ko rin ang mga bata sa kanilang pag-aaral. Dito, ako ay talagang nag-enjoy at kahit na noon ay inisip ko na talagang hindi ko ito kaya, naganyak akong maging isang guro at gumawa ng isang malaking desisyon, "*Magsisikap akong maging isang guro!*" Bumalik ako sa junior college upang magpatuloy sa pag-aaral at kumuha ng kwalipikasyon sa pagiging guro. Pagkatapos kong magtrabaho ng 2 taon sa isang elementarya bilang isang pansamantalang guro sa agham, sa taong ito ay nasa ika-2 taon na ako bilang isang "class adviser". Nag-alinlangan at nagkaroon man ng mga pasikut-sikot, ang paghantong ko sa trabahong nais kong gawin ay utang na loob ko sa aking mga guro, kaibigan at mga magulang na siyang nag-udyok na ako ay magpatuloy ng pag-aaral. Nang ako ay bata pa, inakala ko na ako lamang ang nakakaranas ng hirap, subalit kung iisipin ko ngayon, mas masahol pa ang ginawang pagsisikap ng aking mga magulang na nagpalaki sa amin sa isang bansang banyaga. Lubos ang aking pasasalamat sa kanila.

Sa mga may kinalaman sa edukasyon na tulad ko, mauunawaan na sa mga paaralan sa Japan, mayroong masusing sistema na kung saan maaaring matutunan ang iba't-ibang mga kaalaman. Masuwerte akong tumanggap ng ganitong uri ng edukasyon. Noon ay hindi ko maunawaan ang dahilan sa paggawa ng maraming mga gawain sa paaralan. Namalayan ko na lamang na ang mga ito ay naging kapaki-pakinabang para sa akin sa pagdaan ng panahon. Nang kami ay dumating dito, ako ang pinaka-"kulelat" sa unang marathon na tinakbo ko habang umiiyak, subalit sa sumunod na taon, nagawa kong tumakbo tulad ng iba, at ito ay dahil sa araling PE. Sa buhay, ang sinuman ay dumaranas ng panahon ng pagtitiis, lalo na ang mga batang dayuhan na nababahala sa kanilang kaibahan sa ibang bata sa paligid. Dahil sa pagkakaiba ng kultura sa tahanan at paaralan, marami ring mga bagay ang kailangan nilang pagsikapang mag-isa. Ako ay hindi rin makasunod sa pag-aaral at madalas kong maisip noon, "*Bakit ba ganitong alanganin ang buhay ko?*" Subalit kung ako'y sumuko noon, wala ako sa kinalalagyan ko sa kasalukuyan. Unti-unti ko nang naiintindihan ang kabutihan ng pag-unawa sa 2 magkaibang kultura ngayon. Inisip ko nung ako ay bata pa, "*Ayoko na*", "*Ang hirap naman*", "*Bakit?*", subalit mas dumami pa ang aking kakayahan sa dagdag na pagsisikap at tiyak na may mabuti itong idudulot sa hinaharap. Huwag isara ang inyong damdamin, gawin itong bukas para sa lahat. Hinahangad ko ang pagkakaroon ninyo ng isang masayang buhay-estudyante sa Japan.

Ngayon ay tinuturuan ko ng salitang Kastila ang aking mga estudyante araw-araw. Sisikapin kong magkasundo at maging masaya ang lahat ng bata sa klase, Hapon man o dayuhan!



Bagong Patakaran sa Kontrata ng Pansamantalang Trabaho



Isang bagong patakaran na magsasaayos sa kontrata ng mga pansamantalang trabaho ang sisimulan sa Abril ng taong ito. Gamitin natin ito bilang basehan sa pagpili sa paraan ng pagtatrabaho. Sinasakop ng bagong patakarang ito ang sinumang nagtatrabaho sa ilalim ng isang kontrata ng pansamantalang trabaho tulad ng part-time, mga "side jobs" (*arubaito*), mga nasa ilalim ng isang ahensiya (*haken shain*), contract workers (*keiyaku shain*), special contract employees (*shokutaku*), atbp. *Para sa mga empleyado na nasa ilalim ng isang ahensiya o *haken shain*, sasakupin nito ang kontratang napagkasunduan nila ng ahensiya (*haken gaisha*).

I Pagpapalit sa kontrata ng trabaho na walang taning (*muki roudou keiyaku*)

Kapag ang isang kontrata ng pansamantalang trabaho sa pagitan ng iisang employer at empleyado ay paulit-uli ang pagpapanibago (renewal) at lumagpas sa kabuuan ng 5 taon, ito ay maaaring palitan ng isang kontrata na walang limitasyon ang panahon (kontrata ng trabaho na walang taning) ayon sa kahilingan ng empleyado.

- Kasama sa pagbilang ng kabuuang haba ng kontrata ang mga kontrata ng pansamantalang trabaho na pinagtibay simula at pagkatapos ng Abril 1, 2013. Gayunman, kung mayroong pagitan sa panahon ng pagtatrabaho na hindi napagtibay ang kontrata nang sunud-sunod na may 6 na buwan o higit pa, (kung ang panahon ng kontrata ay mas maigsi sa 1 taon, higit sa kalahati nito) ang mga naunang panahon ng kontrata ay hindi isasama sa pagbilang ng kabuuang haba ng kontrata.
- Ang kahilingan para sa isang walang taning na kontrata ng pagtatrabaho ay maaaring gawin anumang oras sa loob ng panahon na may tibay ang nilagdaang kontrata na ang kabuuan ay lumalagpas sa total na 5 taon. Ito ay itinuturing nang aprobado sa oras ng pagpasa ng kahilingan at ang walang taning na kontrata ay magsisimula ang bisa mula sa susunod na araw makaraang mapaso ang kontrata ng pansamantalang trabaho sa oras ng aplikasyon.
- Maliban kung tutukuyin, ang mga kondisyon sa pagtatrabaho sa kontratang walang taning (tulad ng regulasyon ng kumpanya, indibidwal na kontrata ng paggawa) ay itutulad sa mga naunang kontrata ng pansamantalang trabaho.



II Pagpapatibay ng Regulasyon sa "Pagpapatigil ng Trabaho" (*yatoi dome*)

Sa ilang kaso, may mga tuntunin ang batas na hindi pinahihintulutan ang pagpapatigil ng employer sa trabaho ng kanilang manggagawa. Kapag tumanggi ang isang employer na ipagpatuloy ang kontrata ng pansamantalang trabaho, ang trabaho ay matatapos kasabay ng pagkapaso sa kontrata nito. Gayunpaman, ito ay walang bisa sa mga sumusunod na ① at ② sa ginawang probisyon sa batas ng kontrata sa paggawa:

- ① Kung ang kontrata ng pansamantalang trabaho ay paulit-ulit na pinahaba sa nakaraan at kung ang pagtanggap sa pagpapanibago ng kontrata sa pagtatapos nito, ayon sa pamantayan ng lipunan, ay magiging katumbas ng pagsisisante sa isang manggagawang may kontratang walang taning.
 - ② Kung may maituturing na makatwirang dahilan upang umasa ang isang manggagawa na ang kanyang naturang kontrata ng pansamantalang trabaho ay maipagpapatuloy sa oras na ito ay mapaso.
- ※Upang maipatupad ang patakarang ito, kinakailangang ang manggagawa ay gumawa ng isang kahilingan ng pagpapatuloy ng kanyang kontrata ng pansamantalang trabaho, gayundin, mahalagang siya ay magpahayag ng "pagtanggap" sa pagpapatigil ng trabaho.



III Pagbabawal sa Hindi Makatwirang Kondisyon sa Paggawa

Sa kadahilanan ng pagkakaroon ng hangganan ang trabaho, ipinagbabawal ang paglalapat ng hindi makatwirang pagkakaiba sa kondisyon sa paggawa sa pagitan ng mga empleyadong may kontrata ng pansamantalang trabaho at ng mga empleyadong walang taning ang kontrata.

Sanggunian: Kawanihan ng Paggawa ng Shiga (Labor Bureau) Tanggapan para sa Kondisyon at Pagkakapantay-pantay sa Trabaho
Tel. 077-522-6648 (*Tingnan ang pahina 4 para sa lugar nito.)

Childcare Leave at Family Care Leave ng mga Manggagawang may Kontrata ng Pansamantalang Trabaho

Bilang patakaran, ang childcare leave at family care leave ay maaaring gamitin habang tumatanggap ng benepisyong 67% ng sahod ng empleyado sa araw ng pagsisimula ng bakasyon buhat sa seguro sa pagtatrabaho, mula sa araw na magsimula ang bakasyon, kung ang mga kondisyon ay matutugunan. Ang mga manggagawang may kontrata ng pansamantalang trabaho ay magiging karapat-dapat rin kung matutugunan ang mga sumusunod na kinakailangan:

Mga Kailangan sa Childcare Leave at Family Care Leave ng mga Manggagawang may Kontrata ng Pansamantalang Trabaho

Childcare Leave ① Isang taon o mas matagal pa nang patuloy na pagtatrabaho para sa parehong employer.

(*ikuji kyuugyou*) ② Hindi malinaw kung magpapatuloy ang kontrata ng paggawa hanggang sa ang anak ay maging 1 taon at 6 na buwan.

Family Care Leave ① Isang taon o mas matagal pa nang patuloy na pagtatrabaho para sa parehong employer.

(*kaigo kyuugyou*) ② Hindi malinaw kung ang panahon ng kontrata ay matatapos at hindi maipagpapatuloy hanggang sa matapos ang 6 na buwan, pagkatapos na lumipas ang 93 araw mula sa nakatakdang petsa ng pagsisimula ng family care leave.

! Pinahaba pa ang Childcare Leave: Ang childcare leave, na sa karaniwang patakaran ay hanggang sa ang bata ay maging 1 taong-gulang, ay maaaring pahabain sa 6 na buwan, subalit kung hindi pa rin maipasok ang bata sa isang day-care center o may iba pang kadahilanan, maaari na itong makuha hanggang sa edad na 2 taon ng bata. (Sa ganitong kaso, babayaran rin ang benepisyong childcare leave (*ikuji kyuugyou kyuufukin*) hanggang ang bata ay maging 2 taon ang edad).


◆ **Pagbawas sa buwis ng asawa • Natatanging pagbawas sa buwis ng asawa (Spouse Deduction / Special Spouse Deduction)**

Kung ang kinikita ng isang asawa ay hindi lalagpas sa halagang itinakda para rito, ang binabayaran buwis ng kanyang asawa na siyang nagbabayad nito (taxpayer) ay mababawasan. Ito ang tinatawag na “spouse deduction”. Nasasakop sa pagbabawas na ito ang kinikita ng asawa at ng asawa niyang mismong taxpayer, na mababago at magagamit para sa income tax simula sa taong 2018.

- ① **Halaga ng ibabawas sa buwis ng mismong taxpayer** Ang pinakamataas na kita mula sa sahod para sa isang asawa na karapat-dapat para sa pagbawas na 380,000 yen ay itataas mula 1,030,000 yen sa 1,500,000 yen. Kapag lumampas dito ang kinikita, ang halaga ng mababawas (deduction) ay unti-unti ring liliit at mawawala nang lubusan para sa taunang kita na 2,010,000 yen.
- ② **Limitasyon sa kinikita ng mismong taxpayer** Kung and spouse deduction ay naaangkop sa kanya, maaaring ipatong sa mismong taxpayer and limitasyon sa kita. Kapag ang kabuuang halaga ng kinita ay lumampas sa 9,000,000 yen, ang halaga ng mababawas (deduction) ay unti-unti ring liliit at mawawala nang lubusan para sa kita na 10,000,000 yen.

◆ **Pondo para sa edukasyon**

Nakahanda na ba ang pondo para sa pagpasok sa paaralan ng inyong mga anak? Kapag kulang ang pondo para sa pag-aaral, maaaring makahiram ng pera sa pamamagitan ng paggamit sa mga sumusunod na sistema bukod pa sa paghiram sa bangko. (Karaniwang nasasakop dito ang mga permanenteng residente, asawa o anak ng Hapon, asawa o anak ng permanenteng residente, pang-matagalang residente)



▲ Sa paggamit ng loan at scholarship, gumawa ng isang plano na kung saan kayo ay hindi mahihirapan sa gagawing pagbabayad nito!

○ **Enrollment Allowance**

Pangalan ng samahan	Panahon ng pagbabayad	Interes	Para sa mga katanungan
<ul style="list-style-type: none"> ▪ Japan Finance Corporation (<i>Nihon seisaku kinyuu kouko</i>) National Education Loan (https://www.jfc.go.jp/n/finance/search/ippan.html) (Ang haba ng pag-aaral ay karaniwang 6 na buwan o higit pa, pasilidad sa pag-aaral para sa mga nakatapos ng junior high school o higit pa). 	sa oras na ito ay kailanganin	mayroon	Nat'l. Educ. Loan Tel. 0570-008656
<ul style="list-style-type: none"> ▪ Japan Student Services Organization (JASSO) (<i>Nihon gakusei shien kikou</i>) Natatanging pagdaragdag sa student loan sa oras ng pagpasok sa paaralan (enrollment). (http://www.jasso.go.jp/shogakuin/seido/type/nyuzo.html) Pinahihiram na buong halaga (“lump sum”) bilang karagdagan sa student loan sa buwan nang pagpasok sa paaralan. Para sa mga nag-apply sa “National Education Loan” subalit hindi nakakuha nito. (university, junior college, vocational school, atbp.) 	pagkatapos ng enrollment	mayroon	Sa pinapasukang senior high school o sa paaralan kung saan nagtapos
<ul style="list-style-type: none"> ▪ Labor Bank or Workers’ Credit Union (<i>roudou kinko or roukin</i>) Isang sistema ng pagpapahiram ng pera para sa kinakailangang pondo sa oras ng pagpasok sa paaralan (http://all.rokin.or.jp/service/loan/life.html) Isang pagpapahiram ng pera hanggang sa maibigay ng JASSO ang “Natatanging pagdaragdag sa student loan sa oras ng pagpasok sa paaralan” sa mga estudyanteng kandidato sa pagtanggap ng scholarship. 	bago ang enrollment	mayroon	Kinki Labor Bank (Kinki Roukin) Tel. 0120-191-968
<ul style="list-style-type: none"> ▪ Prefecture Social Welfare Council of Municipalities, Pondo para sa Kagalingan ng Pamumuhay, Panggastos sa Paghahanda sa Pagpasok sa Paaralan (http://www.shigashakyo.jp/top/kasituke/seikatu_hukusi.pdf) Para sa mga may maliit na kinikita (senior high school, university, vocational high school) 	bago ang enrollment	wala	Social Welfare Council of Municipalities
<ul style="list-style-type: none"> ▪ Prefecture (Ang mga residente ng Otsu ay dapat na mag-apply sa Otsu City) Pamilyang walang ama, Pamilyang walang ina, Widow’s Welfare Fund Loan (http://www.pref.shiga.lg.jp/e/kodomokatei/kosodatehomepage/hitoroya/1.html#5) Para sa pamilyang walang ama, pamilyang walang ina (university, sr. high school, atbp.) 	bago ang enrollment	wala	Children Support Division of Municipalities

○ **Scholarships** Bagama’t ang pangangalap ng mga scholar sa bawat university ay karaniwang ginagawa tuwing Abril o Mayo pagkatapos ng pasukan, mayroon ring mga university na nangangalap para sa reservation scholarship bago ang enrollment. Sa dahilang ito, dapat na maagang mangalap ng mga impormasyon ukol sa scholarship kung nakapagpasiya na sa nais na pasukang paaralan. Sa Japan Student Services Organization (Jasso), bukod sa mga scholarship na may interes at walang interes (“loan-based”), mayroon ring mga scholarship na hindi kailangang bayaran (“grant-type”) para sa mga natatanging estudyante na may mahirap na kalagayang pang-ekonomiya. (<http://www.jasso.go.jp/shogakuin/index.html>)



Event Information



◆ Nais mo bang maging bahagi ng isang “eksena sa drama” noong panahon ng mga Samurai? (Paglilibot sa lawa at pagdanas sa pagsagwan ng bangka)

Gaganapin hanggang 3/31 (Sab)
Suigo no Sato Maruyama (1467-3 Maruyama-cho, Omihachiman City)
Lilibutin ang lawa ng Omihachiman sa bangkang sinasagwan sa pagtuturo ng isang bangkero. Mula 4 na katao, magpareserba 3 araw bago ang mismong araw. Bayad: ¥1500

[Info](#) Omihachiman Tourism Association Tel. 0748-32-7003

◆ Pagpitas ng strawberry Mula kalagitnaan ng Enero~

Rock Bay Garden (1431 Oroshimo-cho, Kusatsu City)
Walang bayad ang pagpasok. Titimbangin ang pinitas na strawberry at babayaran ayon sa bigat nito.

[Info](#) Rock Bay Garden Tel. 080-1487-5996

◆ Takashima Makino Winter Festival 1/27 (Sab)

Makino Kogen Ski Resort (Makino, Makino-cho, Takashima City)
Pag-ikot sa niyebe sakay ng “banana boat”, paligsahan sa bilis ng pagkain ng *gelato* (ice cream)

[Info](#) Makino Tourism Office Tel. 0740-28-8002

◆ Setsubun Festival (“Bean-throwing” Ceremony) 2/3 (Sab)

Taga Taisha (604 Taga, Taga-cho, Inukami-gun)
Gaganapin ang paghahagis ng mga *mame* (beans) at *mochi* (rice cake) para sa mabuting suwerte pagkatapos ng pag-aalay ng *Oni no mai* (“Demon Dance”).

[Info](#) Taga Taisha (shrine) Tel. 0749-48-1101

◆ Winter sake brewing tour~Paglibot sa Tokaido 2/11 (Sun)

Kitajima Brewery (756 Hari, Konan City) Mula ¥500~
Bibisita sa mga pagawaan ng *sake* sa lungsod ng Konan at titikman ang mga ito. Makakatanggap rin ng *udon* at mga subenir.

[Info](#) Konan City Urban Policy Division Tel. 0748-71-2336

◆ Hina Festival ng Hino 2/11 (Lin)~3/11 (Lin)

Sa paligid ng bayan ng Hino (Murai, Okubo, Hino-cho, Gamo-gun)
Maglilibot sa mga lumang daan at masisiyahan sa mga manika (*Hina* dolls) na gawa pa noong unang panahon na nakagayak sa mga bintana.

[Info](#) Hino Tourist Association Tel. 0748-52-6577

◆ Yakuyoke Festival (Tamura Festival) 2/17 (Sab)~2/19 (Lun)

Tamura Jinja (469 Kitatsuchiyama, Tsuchiyama-cho, Koka City)
Isang matandang pagdiriwang na nagmumula pa noong taong 812. Isang seremonya sa relihiyong Shinto na kung saan ihahagis sa ilog na nasasakop ng dambana, ang *mame* (beans) na ang dami ay katumbas ng bilang ng edad ng taong naghagis nito upang maiwasan ang mga kapahamakan. May mga munting tindahan rin.

[Info](#) Tamura Jinja (shrine) Tel. 0748-66-0018

◆ Hiwatari Shinji (“Fire-walking” ritual) 2/25 (Lin)

Sugawara Jinja (1041 Oaza Nagahara, Yasu City)
Maglalakad nang nakayapak sa ibabaw ng sinunog na piraso ng mga sagradong kahoy at ipagdarasal ang pagkakaroon ng mabuting kalusugan.

[Info](#) Sugawara Jinja (shrine) Tel. 077-587-2003



◆ Sagicho Festival

Mula sa hapon ng 3/10 (Sab)
hanggang sa gabi ng 3/11 (Lin)

Himure Hachimangu (257 Miyauchi-cho, Omihachiman City)
Gaganapin ang paligsahan ng mga karosa ng bawat bayan sa Sabado. Maglilibot sa paligid ng distrito ang mga karosa at magbubunguan sa Linggo, at sa gabi, ito ay sisindihan at iaalay bilang sagradong apoy sa dambana.

[Info](#) Omihachiman Tourism Association Tel. 0748-32-7003

◆ Pagbubukas ng Biwako 3/10 (Sab) Otsu Harbor

Naguhudyat nang pagsisimula ng tagsibol sa Shiga. May parada ng barko sa Lake Biwa. Ihahagis ng isa sa tauhang gumaganap sa drama ng NHK ang “Ginintuang Susi” sa lawa. Ang aplikasyon para sa pagsakay sa barko ay magsisimula sa unang bahagi ng Pebrero.

[Info](#) Biwako Otsu Tourist Association Tel. 077-528-2772

◆ Sanno Festival 4/12 (Huw), 4/13(Biy), 4/14 (Sab)

Hiyoshi Taisha (5-1-1 Sakamoto, Otsu City)
Isa sa 3 pangunahing pagdiriwang sa Shiga (tinaguriang “Lake Country”) na may 1,200 taong kasaysayan.

[Info](#) Hiyoshi Taisha (shrine) Tel. 077-578-0009

◆ Nagahama Hikiyama Festival 4/13 (Biy)~4/16 (Lun)

Gaganapin sa lungsod ng Nagahama
Isa sa 3 pinakamalaking float festival ng Japan. Huwag palagpasin ang pagsaksi sa mga karosang ginayakan ng kahanga-hangang mga palamuti at ang pagtatanghal ng *kabuki* ng mga bata.

[Info](#) Nagahama City Tourism Promotion Division Tel. 0749-65-6521



Pinakamagandang panahon ng cherry blossom

Mula sa huling bahagi ng Marso hanggang simula ng Abril

- Okuhiei • Enryakuji (Sakamoto Honmachi, Otsu City)
- Mt. Toragozen (Nakano-cho, Nagahama City)
- Paligid ng tulay ng Iwakami sa tabing-ilog ng Yasugawa (Gika, Minakuchi-cho, Koka City)
- Omi Fuji Flower Park (Mikami, Yasu City)
- Nigori-ike Natural Park (Oike-cho, Konan City)
- Kaizu Osaki (Kaizu, Makino-cho, Takashima City)



Balitang Mimitaro

★ Ang Shiga Labor Bureau, Otsu Labor Standards Inspection Office at Hello Work Otsu ay lumipat na sa Shiga Labor General Gov't. Bldg. (14-15 Uchidehama, Otsu City)

12 min. kung lalakaran mula sa istasyon ng Keihan Zeze at JR Zeze ; 5 min. mula sa istasyon ng Keihan Ishiba.

★ Final Income Tax Return Mula Peb. 16 (Biy) hanggang Marso 15 (Huw)

Ang mga taong malaki ang binayaran sa pagpapagamot, bumili ng bahay sa pamamagitan ng pag-utang (loan) at mayroong pagwawasto sa inawas na halaga nito, may kinikita na hindi naiaawas sa suweldo, may kinikita sa isang negosyo, may kinikita na buhat sa mahigit pa sa isang kumpanya, ay kinakailangang mag-file ng income tax return sa tax office. <https://www.nta.go.jp/nagoya/> (sa mga wikang Ingles, Portuges, Kastila)